BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Komite ng Konseho ng Brampton nagpasa ng mosyon na baguhin ang Ordinansa sa mga Paputok

BRAMPTON, ON (Nobyembre 24, 2022) – Sa pagpupulong nito kahapon, inaprubahan ng Komite ng Konseho ng Brampton ang isang rekumendasyon na opisyal na pahihintulutan ng Konseho ng Lungsod sa Espesyal na Pagpupulong nito sa Nobyembre 28, para baguhin ang Ordinansa para agarang ipagbawal ang paggamit, pagpapalabas, pagmamay-ari, pagbebenta at pag-aalok na magbenta ng mga paputok (fireworks) sa Brampton.

Ang kaligtasan ng mga residente ay ang nangungunang prayoridad ng Lungsod, at ang Ordinansa sa Fireworks ay naglalayon na bawasan ang panganib na may masaktan at masira ang ari-arian. Sa ilalim ng binagong ordinansa, ang multa sa pag-discharge ng mga paputok ay ay dadagdagan sa pinakamababa $500, at ng multa sa pagbebenta o pag-aalok na magbenta ng mga paputok ay dadagdagan hanggang sa minimum na $1000. Ang kasalukuyang proseso sa permit sa mga paputok ay aamyendahan sa angkop lamang na industriya ng pelikula at mga event na pinapatakbo ng Lungsod.

Sa ilalim ng umiiral na Odinansa sa mga Paputok, ang short-range na mga paputok ay kasalukuyang pinahihintulutan sa pribadong propyedad sa Brampton nang hindi na kailangan pa ng permit sa Victoria Day, Canada Day, Diwali at Bisperas ng Bagong Taon. Nakatanggap ang Lungsod ng makahulugang paglaki kaugnay ng bilang ng mga reklamo kaugnay ng mga paputok mula 2019, na ang kaligtasan, ingay at debris ang karaniwang mga concern sa komunidad.

Sa ilalim ng inirekumendang inamyendahang panukala sa Ordinansa sa mga Paputok, ang mga paputok ay hindi papayagan sa lungsod.

**Diwala event ng Lungsod ng Brampton**

Gusto ng Lungsod ng Brampton na magagawa ng mga residente na ligtas na maipagdiwang ang mga holiday. Kung pormal na mapapahintulutan ang rekumendasyon, magdadagdag ang Lungsod ng taunang event na pagdiriwang ng Diwali na pinapatakbo ng Lungsod kasama ang Pyrotechnics katulad ng Canada Day at Bisperas ng Bagong Taon sa 2023. Makikipagtulungan ang Lungsod sa mga lokal na partner sa event para suportahan ang isang masigla at masayang pagdiriwang para mag-enjoy ang mga residente ng Brampton.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga event, bisitahin ang www.brampton.ca/events.

**Mga Quote**

“Ang kaligtasan ng ating mga residente ang pinakamahalaga sa Lungsod ng Brampton. Naririnig naming ang mga concern ng ating komunidad kaugnay ng Ordinansa sa mga Paputok, at layunin natin na amyendahan ito, ipagdidiriwang natin ang mga holiday nang ligtas at walang gambala, labis na ingay o mga debris. Pinapasalamatan ko ang lahat sa pagsasabi sa kanilang mga concern at inaasahan ang pagtanggap sa mga residente sa ating unang taunang event na pagdiriwang sa Diwali sa susunod na taon “

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at dedicated tayo sa paglikha ng nagsasali sa lahat at tumatanggap na kapaligiran para sa lahat habang pinapababa ang panganib na masaktan sa ating komunidad at pagpapanatili nitong malinis at luntian, Ang inamyendahang Ordinansa sa mga Paputok ay makakatulong sa pagtiyak na ang ating mga residente ay ligtas, at na mai-enjoy natin ang mga pagdiriwang sa holiday. Nagpapasalamat kami sa mga residente at stakeholder sa pagbabahagi ng kanilang mga iniisip sa amin tungkol sa mahalagang usapin na ito.”

*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Legislative Services, Lungsod ng Brampton*

“Kahit na mahalaga na maipagdiwang ng ating mga residente ang mga holiday sa buong taon kasama ang mga kaibigan at mahal sa buhay, kailangang gawin natin ito na una sa isipan ang paggalang at kaligtasan. Ipinagmamalaki kong naisulong ang mosyon na amyendahan ang ating Ordinansa sa mga Paputok para maipakita nito ang mga iniisip at mga concern ng ating komunidad, at pinapasalamatan ang lahat na lumapit sa Lungsod para iparinig ang kanilang boses. Inaasahan natin ang mag-i-enjoy sa mga paputok sa mga event na pinamumunuan ng Lungsod sa buong taon nang magkasama bilang isang komunidad.”

*- Dennis Keenan*, *Rehiyonal na Konsehal*, *Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang diverse at nagsasali sa lahat na lungsod, mahalaga na makapag-enjoy ang ating mga residente sa mga holiday na pinakamahalaga sa kanila sa isang ligtas at masaya at maipagmamalaking paraan. Sinusuportahan ko ang panukala na amyendahan ang Ordinansa sa mga Paputok at inaasahan ang pagtanggap sa mga residente sa pagdiriwang sa Diwali na pinamumunuan ng Lungsod sa susunod na taon, at mag-i-enjoy sa Canada Day at Bisperas ng Bagong Taon sa ating mga event na hino-host ng Lungsod."

*- Gurpartap Singh Toor, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Ang nangungunang prayoridad ng Lungsod ay tiyakin ang kaligtasan at kabutihan ng mga residente nito, at tiyakin na ang mga serbisyo, programa at event nito ay naglalarawan sa mga pangangailangan ng komunidad na pinaglilingkuran nito. Kasunod ng rekumendasyon sa araw na ito ng Komite ng Konseho, gagawin ng staff ang pag-amyenda sa Ordinansa sa mga Paputok sa Fireworks na muling dadalhin para sa ratipikasyon sa Lunes, Nobyembre 28 sa Espesyal na Pagpupulong ng Konseho. Nagpapasalamat kami sa komunidad sa pagbabahagi ng kanilang feedback at inaasahan ang pag-host ng ating pinaka-unang pagdiriwang ng Diwali na pinamumunuan ng Lungsod sa taong 2023.”

*- Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

BRAMPTON

Media Release

ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca